

Seksiyon	<b>FIN-5 Pananalapi</b>	Petsa ng Pag-apruba	
Patakaran	<b>FIN-5.10 Patakaran sa Pagputol ng Serbisyong Tubig sa Tirahan dahil sa Hindi Pagbayad</b>	Pinakahuling Rebisyon	

## FIN-5.10 Patakaran sa Pagputol ng Serbisyong Tubig sa Tirahan dahil sa Hindi Pagbayad

### 5.10.1 Mga Pangkalahatang Probisyon

#### A. Aplikasyon

Ang Patakarang ito ay para lamang sa pagputol ng serbisyong tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad. Ang umiiral na mga ordinansa, resolusyon, patakaran, at pamamaraan ng Distrito ay dapat magpatuloy na mailapat sa anumang mga account sa serbisyong tubig na hindi residensiyal at pagputol ng serbisyong tubig sa tirahan para sa iba pang mga kadahilanan, kabilang ang pagwawakas ng koneksyon ng serbisyo ng Distrito dahil sa isang paglabag ng kostumer ng anumang iba pang ordinansa, panuntunan, regulasyon o patakaran ng Distrito. Kung may anumang salungatan sa pagitan ng Patakarang ito at anumang iba pang ordinansa, panuntunan, regulasyon o patakaran ng Distrito, ang Patakaran na ito ay mangingibabaw.

#### B. Responsibilidad ng Kostumer

Sa ilalim ng naaangkop na mga Ordinansa ng Distrito, ang mga singil para sa serbisyong tubig ay ibinibigay sa bawat kostumer sa dalawang buwanang batayan, at dapat bayaran at mababayaran sa pagpapakita. Nagiging delinkuente ang mga singil sa serbisyong tubig kapag hindi binayaran sa loob ng 60 araw mula sa petsa sa singil. Responsibilidad ng kostumer na masiguro na ang mga bayad ay matanggap sa tanggapan ng Distrito sa napapanahong paraan. Ang bayad ay maaaring gawin sa tanggapan ng Distrito, online o sa address para maipadala ang mga na-mail na bayad.

#### C. Pagkakaroon ng Patakaran

Ibibigay ng Distrito ang Patakarang ito at lahat ng mga nakasulat na abisong binigay sa ilalim ng Patakarang ito sa Ingles, sa mga wikang nakalista sa Seksiyon 1632 ng Kodigo Sibil, at sa anumang ibang wikang sinasalita ng hindi bababa sa 10 porsiyento ng mga taong nakatira sa lugar ng serbisyo ng Distrito. Ang Patakarang ito ay maaaring i-post at mamentina sa Internet website ng Distrito.

#### D. Numero ng Telepono

Ang Departamento ng Serbisyo para sa Kostumer ng Distrito ay maaabot sa (916) 791-0115 para sa tulong patungkol sa pagbabayad ng mga singil sa tubig at para talakayin ang mga opsyon sa paghinto ng pagputol ng serbisyong residensiyal dahil sa hindi pagbabayad.

### 5.10.2 Pagputol ng Serbisyong Tubig sa Tirahan dahil sa Hindi Pagbayad

**A. 60-araw na Panahon ng Pagiging Delinkuwente**

Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyong tubig ng tirahan dahil sa hindi pagbabayad ng singil sa serbisyo hanggang ang bayad ng kostumer ay maging delinkuwente ng 60 araw.

**B. 10-Araw na Abiso**

Hindi bababa sa 10 araw ng negosyo bago ang diskoneksiyon ng serbisyo sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad, kokontakin ng Distrito ang kostumer na pinangalanan sa account gamit ang telepono o nakasulat na abiso.

- i. Kapag kinontak ng Distrito ang kostumer na pinangalanan sa account sa pamamagitan ng nakasulat na abiso sa ilalim ng seksiyong ito, ang nakasulat na abiso ng pagiging delinkuwente ng bayad at napipintong pagputol ay ipadadala sa kostumer ng tirahan kung kanino nilalaan ang serbisyong residensiyal. Kung ang address ng kostumer ay hindi ang address ng pag-aari kung saan nilalaan ang serbisyong residensiyal, ang abiso ay ipadadala din sa address ng pag-aari kung saan nilalaan ang residensiyal na serbisyo, naka-address sa "Occupant."
- ii. Kasama sa nakasulat na abiso ang lahat ng sumusunod na impormasyon sa malinaw at nababasang anyo:
  1. Ang pangalan at address ng kostumer.
  2. Ang halaga ng pagiging delinkuwente, kabilang ang pagiisa-isa ng anumang multa sa nahuling pagbabayad at interes na ilalapat sa mga singil sa pagiging delinkuwente.
  3. Ang petsa at oras kung kailan ang bayad o pag-aayos sa bayad ay dapat gawin upang maiwasan ang pagputol ng serbisyong tubig.
  4. Paglalarawan ng proseso para mag-apply para sa pagpapalawig ng oras para bayaran ang mga singil sa pagiging delinkuwente.
  5. Paglalarawan ng pamamaraan para magpetisyon sa pagrepaso ng singil at apela.
  6. Paglalarawan ng pamamaraan kung saan maaaring humiling ang kostumer ng deferred, binawasan, o alternatibong iskedul ng pagbabayad, kabilang ang amortisasyon ng mga singil sa delinkuwenteng serbisyong residensiyal, alinsunod sa Patakarang ito.
  7. Ang numero ng telepono ng Distrito, address ng negosyo at oras ng operasyon ng desk ng serbisyo para sa kostumer.
- iii. Maaaring alternatibong maglaan ng abiso ang Distrito sa kostumer ng napipintong pagputol ng serbisyo gamit ang telepono. Kung ang abiso ay nilaan sa pamamagitan ng telepono, ihahandog ng Distritong bigyan ang kostumer ng kopya ng Patakarang ito at ihandog ding talakayin sa kostumer ang mga opsiyon sa alternatibong pagbabayad at mga pamamaraan sa pagrepaso at apela ng singil ng kostumer.
- iv. Kung hindi makontak ng Distrito ang kostumer o isang adult na naninirahan sa tirahan sa pamamagitan ng telepono, at ang nakasulat na abiso ay ibinalik sa pamamagitan ng koreo bilang hindi maihatid, ang Distrito ay dapat gumawa ng isang may mabuting layuning pagsisikap na bisitahin ang tirahan at umalis, o ilagay sa makikitang lugar, ang isang abiso ng napipintong pagputol ng serbisyo sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad at isang kopya ng Patakarang ito.

## C. 48-oras na Abiso sa Pag-post

Ang Distrito ay dapat gumawa ng isang makatwirang, may mabuting layuning pagsisikap upang makipag-ugnay sa isang taong adult na naninirahan sa lugar ng kostumer sa pamamagitan ng telepono o personal nang hindi bababa sa 48 oras bago ang anumang pagwawakas ng serbisyo maliban na kapag hindi magawa ang kontak sa telepono o personal, ang distrito ay magbibigay, sa pamamagitan ng koreo o sa pamamagitan ng pag-post sa isang mapapansing lugar, ng isang paunawa ng pagtatapos ng serbisyo, hindi bababa sa 48 oras bago ang pagwawakas. Kasama sa abiso ng pagwawakas ng serbisyo ang lahat ng mga sumusunod na impormasyon:

- i. Ang pangalan at address ng kostumer.
- ii. Ang halaga ng pagiging delinkuente, kabilang ang pagiisa-isa ng anumang multa sa nahuling pagbabayad at interes na ilalapat sa anumang singil sa pagiging delinkuente.
- iii. Ang petsa at oras kung kailan ang bayad o mga pag-aayos sa bayad ay inaatas upang maiwasan ang pagputol ng serbisyong tubigpagwawakas.
- iv. Ang pamamaraan para makakuha ang kostumer ng impormasyon sa pagkakaroon ng tulong pinansiyal, kabilang ang pribado, lokal, estado o pederal na pagkukunan, kung angkop.
- v. Ang numero ng telepono ng kinatawan ng Distrito na makakapagbigay ng karagdagang impormasyon o magtatag ng pag-aayos sa pagbayad.

## D. Impormasyon sa Pagbalik ng Serbisyo

Sa pagputol, bibigyan ng Distrito ang kostumer ng impormasyon kung paano maibabalik ang serbisyo sa tahanan.

### 5.10.3 Mga Restriksiyon sa Pagputol ng Serbisyong Tubig

- A. Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyong tubig sa tahanan sa alinman sa mga sumusunod na sitwasyon:
  - i. Sa panahon na iniimbestigahan ng Distrito ang hindi pagkakasundo sa kostumer o reklamo sa ilalim ng seksiyon 8 ng Patakarang ito.
  - ii. Kapag binigyan ang kostumer ng pagpapalawig ng panahon sa pagbabayad ng singil.
- B. Bilang dagdag sa mga sitwasyon na sinalarawan sa subsection (a), sa itaas, hindi puputulin ng Distrito ang residensiyal na serbisyo kung ang lahat ng mga kundisyon ay natugunan:
  - i. Ang kostumer, o nangungupahan sa kostumer, ay magsusumite sa Distrito ng sertipikasyon ng tagapagkaob ng pangunahing pangangalaga, ayon sa kahulugan sa seksiyong 14088(b)(A)(1) ng Welfare and Institutions Code, na ang pagputol ng

serbisyong residensiyal ay banta sa buhay sa o magpipinto ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng residente ng pag-aaring tumatanggap ng serbisyo;

- ii. Ipinakita ng kostumer na pinansiyal siyang hindi makakabayad ng serbisyong residensiyal sa loob ng normal na siklo sa pagsingil sa tubig ng urban at komunidad. Ang kostumer ay ituturing na walang pinansiyal na kakayahang bayaran ang serbisyo sa tirahan sa loob karaniwang siklo ng pagsingil ng sistema ng urban at komunidad kung (1) sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o dineklara ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na lebel ng kahirapan.
  - iii. Payag ang kostumer na pumasok sa pag-aayos sa alternatibong pagbabayad na alinsunod sa mga probisyon ng Seksiyon 4 ng Patakarang ito.
- C. Pinagbabawalan ang Distritong wakasan ang serbisyong tubig sa sinumang kostumer o nangungupahan sa kostumer sa anumang Sabado, Linggo, legal na pista opisyal, o sa labas ng karaniwang oras ng pagpapatakbo.

#### 5.10.4 Mga Alternatibong Bayad na Kasunduan

##### A. Mga Opsiyon

Kung matutugunan ng kostumer ang tatlong kundisyon na nakalista sa Seksiyon 3(b), sa itaas, hahandugan ng Distrito ang kostumer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsiyon:

- i. Amortisasyon ng hindi bayad na balanse;
- ii. Partisipasyon sa isang alternatibong iskedyul sa pagbabayad;
- iii. Bahagya o buong pagbabawas ng hindi bayad na balanse, pinondohan nang walang karagdang mga singil sa mga ibang ratepayer; at/o
- iv. Pansamantalang pagpapaliban ng bayad.

##### B. Administrasyon ng Distrito

Ang Pangkalahatang Tagapamahala ng Distrito, o ang designado niya, ay maaaring pumili kung alin sa mga opsiyon sa pagbabayad na isinalarawan sa seksiyon 4(a), sa itaas, ang maaaring magamit ng kostumer at maaaring magtakda sa mga parametro ng opsiyon sa pagbabayad na iyon. Sa karaniwan, ang (mga) opsiyon sa muling pagbabayad na hinahandog ay dapat magresulta sa muling pagbabayad ng anumang natitirang umiiral na balanse sa loob ng 12 buwan. Maaaring magbigay ang Distrito ng mas matagal na panahon sa muling pagbabayad kung makita nito na ang mas mahabang panahon ay kailangan upang maiwasan ang hindi kailangang paghihirap sa kostumer batay sa mga sirkumstansiya ng indibiduwal na kaso. Maaaring sumingil ang Distrito ng administratibong bayad para sa halaga ng pamamahala sa mga alternatibong pagbabayad sa ilalim ng probisyong ito.

##### C. Mga Obligasyon ng Kostumer

Mananatiling current ang kostumer sa anumang bagong singil sa serbisyong tubig habang sinisingil ito sa bawat kasunod na panahon ng pagsingil. Hindi maaaring humingi ang kostumer ng higit na amortisasyon o pagbabawas sa anumang mga hindi bayad na singil sa mga kasunod na bayarin habang nagbabayad ng mga singil sa pagiging delinkuwente sa ilalim ng kasunduan sa alternatibong pagbabayad.

- D. Simula sa petsa ng pagpasok sa unang pag-aayos sa pagbabayad, ang kostumer na hindi sumunod sa pinagkasunduang pag-aayos sa pagbabayad ay hindi magiging nararapat na magtaguyod ng pag-aayos sa pagbabayad sa hinaharap sa panahong 12 buwan, maliban kung ito ay pinagbabawal ng batas.

### 5.10.5 Pagputol Matapos ang Hindi Pagsunod sa Mga Pag-aayos sa Alternatibong Pagbabayad

- A. Maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo nang hindi bago ang limang araw ng negosyo matapos magpaskil ng Distrito ng panghuling abiso sa paglalayong putulin ang serbisyo sa isang prominente at mapapansing lugar sa pag-aari sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na sirkumstansiya:
  - i. Nabigo ang kostumer na sumunod sa kasunduan sa amortisasyon, isang iskedyul sa alternatibong pagbabayad, o pagpapaliban o pagbabawas sa plano sa pagbabayad para sa mga delinkuwenteng singil ng 60 araw o higit pa.
  - ii. Habang nagsasagawa ng isang kasunduan sa amortisasyon, ang isang iskedyul ng alternatibong pagbabayad, o isang pagpapaliban o pagbawas sa plano ng pagbabayad para sa mga delinkuwenteng singil, hindi binabayaran ng kostumer ang kanyang kasalukuyang mga singil sa serbisyo sa tirahan ng 60 araw o higit pa.
- B. Kung nabigo ang kostumer na sumunod sa kasunduan sa amortisasyon sa ilalim ng subsection 5(a)(i), sa itaas, hindi wawakasan ng Distrito ang serbisyo nang hingi nagbibigay ng abiso sa kostumer sa mga kundisyon na kailangang matugunan ng kostumer para maiwasan ang pagwawakas. Hindi binigiyan ng abison ito ang kostumer ng karapatan sa higit na imbestigasyon o probisyon ng pag-aayos sa alternatibong pagbabayad ng Distrito.

### 5.10.6 Pagputol sa Mga Sitwasyong Master Meter Kasera-Nangungupahan

#### A. Pagpapatupad

Ang seksyong ito ay nalalapat sa serbisyo ng Distrito sa pamamagitan ng indibidwal na metro sa isang nakahiwalay na tirahan na nag-iisang pamilya, isang istrakturang maramihang-unit na tirahan, mobile home park, o permanenteng istraktura ng tirahan sa isang labor camp, kung ang may-ari, tagapamahala o operator ay ang kosumer na nasa talaan at mayroong ugnayan sa kasera-nangungupahan sa pagitan ng mga umookupa sa tirahan at ng may-ari, tagapamahala, o operator ng gusali.

#### B. Abiso

Ang Distrito ay gagawa ng bawat mabuting layuning pagsisikap upang ipaalam sa mga naninirahan sa tirahan, sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa, kapag ang account ay hindi nababayaran na ang serbisyo ay wawakasan nang hindi bababa sa 10 araw bago ang pagwawakas. Ang paunawang ito ay higit na ipagbibigay-alam sa mga umookupa sa residente na may karapatan silang maging mga kostumer ng Distrito, kung kanino ang serbisyo ay sisingilin, nang hindi inaatasang magbayad ng anumang halaga na maaaring nakatakda sa delinkuwenteng account.

**C. Serbisyo sa Mga Umookupa**

Ang Distrito ay hindi kinakailangang gawing magagamit ang serbisyo ng mga residente ng tirahan maliban kung ang bawat residente ng tirahan ay sumasang-ayon sa mga termino at kundisyon ng serbisyong tubig ng Distrito at tinutupad ang mga iniaatas ng batas at mga ordinansa, panuntunan, regulasyon, at patakaran ng Distrito. Subalit, kung ang isa o higit pa sa mga residensiyal na umookupa ay payag at kayang akuin ang responsibilidad para sa kasunod na mga singil sa account sa kasiyahan ng Distrito, o kung mayroong pisikal na paraan, ligal na magagamit ng Distrito, ng selektibong pagtatapos ng serbisyo sa mga umookupa na hindi nakatugon sa mga kinakailangan ng mga ordinansiya, panuntunan, regulasyon at patakaran, gagawing available ng Distrito ang serbisyo sa mga residensiyal na umookupa na nakatutugon sa mga kinakailangang iyon.

**D. Katibayan ng Kredito**

Kung ang naunang serbisyo para sa isang tagal ng panahon ay isang kondisyon para sa pagtaguyod ng kredito sa Distrito, ang katanggap-tanggap na paninirahan at patunay ng agarang pagbabayad ng upa o iba pang obligasyong pang-kredito sa Distrito para sa nasabing panahon ay isang kasiya-siyang katumbas.

**E. Mga Nakahiwalay na Tirahan ng Isang-Pamilya**

Sa kaso ng nakahiwalay na tirahan ng isang-pamiya, maaaring gawin ng Distrito ang alinman sa sumusunod:

- i. Magbigay ng abiso sa pagwawakas ng hindi bababa sa sampung araw bago ang panulalang pagwawakas.
- ii. Upang maipaubaya ang halagang nakatakda sa delinkuwenteng account, atasan ang umookupa na magiging kostumer na patotohanan na ang kostumer na nasa talaan ng delinkuwenteng account ay o dating ang kasera, tagapamahala, o ahente ng tirahan.

**5.10.7 Mga Karagdagang Konsiderasyon para sa Pinansiyal na Kahirapan**

**A. Kung ipinakita ng kostumer sa Distrito ang kita ng sambahayan na mas mababa sa 200 porsiyento ng linya ng pederal na kahirapan, ang Distrito ay:**

- i. Magtatakda ng muling pagkakabit ng mga bayarin sa serbisyo sa muling pagkakabit sa oras ng normal na operasyon sa \$50.00 at sa muling pagkakabit sa oras na walang operasyon sa \$150.00. Ang mga bayaring ito ay hindi lalagpas sa aktuwal na halaga ng muling pagkonekta kung ang mga gastos na ito ay mas maikli. Ang mga bayad sa muling pagkonekta ay sasailalim sa mga pagbabago sa Consumer Price Index simula sa Enero 1, 2021.

- ii. Ipaubaya ang mga singil sa interes sa mga delinkuwenteng singil minsan sa bawat 12 buwan.
- B.** Ituturing ng Distrito na ang isang residensiyal na kostumer ay may kita ng sambahayan na mas bababa ng 200 porsiyento ng federal poverty line kung:
- i. Ang sinumang miyembro ng sambahayan ay sa kasalukuyang tumatanggap ng CalWORK, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children; o
  - ii. Dinekralara ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty level.

## 5.10.8 Mga Pamamaraang Itanggi o Iapela ang Singil

Ang pamamaraang ito ay ginagamit para iapela ang halagang nakatakda sa anumang singil para sa serbisyong tubig sa tirahan na ayon sa sumusunod:

**A. Pangkalahatang Apela**

Sa loob ng limang araw mula matanggap ang singil para sa serbisyong tubig, may karapatan ang kostumer na humiling ng pag-apela o repasuhin ang alinmang singil o bayaring isinama ng Distrito. Ang kahilingan ay dapat gawin nang nakasulat at ihatid sa tanggapan ng Distrito. Sa kundisyon na ang apela ng kostumer at anumang nagreresultang imbestigasyon ay nakabinbin, hindi maaaring putulin ng Distrito ang serbisyong tubig ng kostumer.

**B. 10-Araw na Abiso sa Apela**

Bilang dagdag sa mga karapatan sa apela sa ilalim ng subsection (a), sa itaas, ang kostumer na nakatanggap ng 10-Araw na Abiso na nakasalarawan sa Seksiyon 3(c) ng Patakarang ito ay maaaring humiling ng apela o pagrepaso ng singil kung alin ang kaugnay ng abiso sa loob ng limang araw ng negosyo ng petsa ng abiso. Subalit, walang nasabing apela o mga karapatan sa pagrepaso ang ilalapat sa anumang singil kung saan ang apela o hiling sa pagrepaso sa ilalim ng subseksyon (a) sa itaas, ang nagawa. Ang anumang apela o kahilingan sa pagrepaso sa ilalim ng subsection na ito ay kailangang nakasulat at dapat kasama ang dokumentasyong sumusuporta sa apela o sa dahilan sa pagrepaso. Ang kahilingan sa apela ay dapat ihatid sa tanggapan ng Distrito sa loob ng limang araw na paraan. Sa kundisyon na ang apela ng kostumer at anumang nagreresultang imbestigasyon ay nakabinbin, hindi maaaring putulin ng Distrito ang serbisyong tubig ng kostumer.

**C. Proseso ng Apela.**

- i. Kasunod ng paghiling sa apela o pagrepaso sa ilalim ng subsection (a) o (b), sa itaas, ang General Manager ng Distrito o ang designado niya ay susuri sa kahilingan sa pagrepaso at katibayan na nilaan ng kostumer patungkol sa mga singil sa tubig na tinatanong. Sa loob ng 10 araw ng negosyo pagkatapos matanggap ang kahilingan ng kostumer para sa pagsusuri, ang General Manager, o ang kanyang designado, ay gagawa ng isang desisyon

tungkol sa kawastuhan ng mga singil ng tubig na nakalagay sa singil at magbibigay sa umaapelang kostumer ng maikling nakasulat na buod ng pasya.

- ii. Kung nadeterminang mali ang mga singil sa tubig, magbibigay ang Distrito ng tinamang invoice at pagbabayad sa mga binagong singil na maitatakda sa loob ng 10 araw ng kalendaryo na ang petsa ng invoice para sa mga binagong pagbabago. Kung manatiling hindi bayad ang mga binagong singil ng 60 araw sa kalendaryo matapos ibigay ang tinamang invoice, ang serbisyong tubig ay puputulin. Bago putulin, bibigyan ng Distrito ang kostumer ng 10-araw na Abiso ayon sa Seksiyon 3(c), sa itaas. Ibabalik lang ang serbisyong tubig sa buong pagbabayad ng lahat ng umiiral na singil sa tubig, mga multa, interes at anumang singil sa angkop na buling pagkakabit.
- iii. Kung nadeterminang tama ang mga singil sa tubig na tinatanong, ang mga singil sa tubig ay nakatakda at babayaran sa loob ng tatlong araw ng negosyo matapos maibigay ng General Manager o ng kanyang designado, at naipadala sa kostumer. Sa panahon na maibigay ang pagpasya, aabisuhan ang kostumer ng karapatang higit pang mag-apela sa harap ng Lupon ng Mga Direktor ng Distrito. Ang anumang nasabing apela ay dapat maisampa nang nakasulat sa loob ng limang araw ng kalendaryo makalipas ang pagpasya ng General Manager o ng kanyang mga designado. Ang pagdinig sa apela ay magaganap sa susunod na regular na pulong sa Lupon ng Mga Direktor ng Distrito, maliban kung ang kostumer o ang General Manager, ang bago niyang designado ay magkasundo sa petsa sa hinaharap.
- iv. Kung hindi napapanahong umapela ng kostumer sa Lupon ng Mga Direktor ng Distrito, ang mga singil sa tubig na itinatanong ay agad nakatakda at babayaran. Sakaling ang mga singil ay hindi binayaran nang buo sa loob ng 60 araw ng kalendaryo matapos ang orihinal na petsa ng pagsingil, bibigyan ng Distrito ang kostumer ng 10-Araw na Abiso ayon sa Seksiyon 3(c), sa itaas, at maaaring putulin ang serbisyong tubig sa pag-aari ng kostumer kung ang umiiral na bayarin ay hindi nabayaran sa tamang oras.
- v. Kapag ang isang pagdinig sa harap ng Lupon ng mga Direktor ay hiniling, ang kostumer ay kinakailangan na personal na lumitaw sa harap ng Lupon at ipapakita ang katibayan at mga dahilan kung bakit ang mga singil sa tinatanong na bayarin ay hindi tumpak. Susuriin ng Lupon ang katibayang pinakita ng kostumer, pati na ang impormasyong naksa file sa Distrito patungkol sa mga singil sa tubig na tinatanong (kabilang ang pagpasya ng General Manager/designado) at ang presentasyon ng sinumang kawani at magpapasya sa pagiging tumpak ng mga nasabing singil. Ang pagpasya ng Lupon ay panghuli at ipatutupad.
- vi. Kapag nalaman ng Lupon na ang mga singil sa serbisyong tubig ay mali, ii-invoice ang kostumer para sa mga binagong singil. Kung manatiling hindi bayad ang mga binagong singil ng 60 araw sa kalendaryo matapos ibigay ang tinamang invoice, ang serbisyong tubig ay puputulin, sa susunod na regular na araw ng trabaho, makalipas ang pagpaso sa panahong iyon. Bibigyan ng Distrito ang kostumer ng 10-araw na Abiso ayon sa Seksiyon 3(c), sa itaas.
- vii. Kung nadeterminang tama ang mga singil sa serbisyong tubig na tinatanong, sila ay nakatakda at babayaran sa loob ng tatlong araw ng negosyo matapos maibigay ng Lupon



ay tinuturing at ipadadala sa kostumer nito. Sakaling ang mga singil ay hindi binayaran nang buo sa loob ng 45 araw ng kalendaryo matapos ang orihinal na petsa ng pagsingil, bibigyan ng Distrito ng 10-Araw na Abiso ayon sa Seksiyon 3(c), sa itaas, at maaaring putulin ang serbisyong tubig sa pag-aari ng kostumer kung ang umiiral na bayarin ay hindi nabayaran sa tamang oras.

- D. Ang anumang sobrang singil mula sa Distrito ay isasalamín bilang kredito sa susunod na regular na singil sa kostumer, o direktang ibinalik sa kostumer, sa sariling diskresyon ng General Manager o Lupon ng Mga Direktor.
- E. Ang serbisyong tubig sa kahit na kaninong kostumer ay hindi madiskonekta anumang oras kung kailan ang apela ng kostumer sa General Manager or sa Lupon ng Mga Direktor ay nakabinbin.

### Kasaysayan ng Rebisyon:

Petsa ng Rebisyon	Paglalarawan sa Mga Pagbabago	Hiniling Ni